

## Ang iyong Karapatang Sibil

May karapatan ka sa makatarungan at pantay na pagtrato sa mga programa at serbisyo ng FEMA.

Tinitiyak ng Tanggapan ng Karapatang Sibil ng FEMA na sinusunod ang mga batas sa karapatang sibil ng pederal at ang mga probisyon na walang diskriminasyon ng Stafford Act, at nagbibigay ng pantay-pantay na pag-access sa mga programa at serbisyo.

Tinitiyak ng Tanggapan ng Karapatang Sibil ng FEMA ang pag-access ng mga nakaligtas sa sakuna sa:

- Mga serbisyong may kaugnayan sa kapansanan, kabilang ang makatarungang pagbabago sa mga polisiya, kaugalian, at pamamaraan; at ang pagbibigay ng mga karagdagang kagamitan at serbisyo, kabilang ang mga tagapagsalin ng Sign Language.
- Pag-access sa mga serbisyong pang-wika para sa mga indibidwal na may limitadong kaalaman sa Ingles (LEP).

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang <https://www.fema.gov/about/civil-rights>.



## Tanggapan ng Karapatang Sibil ng FEMA



**1-833-285-7448**

Pindutin ang 1 para sa Ingles, 2 para sa Espanyol

O magpadala ng email sa:

[FEMA-OCR-ECRD@fema.dhs.gov](mailto:FEMA-OCR-ECRD@fema.dhs.gov)

### Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Karapatang Sibil ng FEMA, Panlabas na Dibisyon ng Karapatang Sibil

- [Mga programa, impormasyon, at mga aktibidad.](#)
- [Mga tanong tungkol sa mga karapatang sibil.](#)
- [Pag-access sa serbisyong pang-wika.](#)
- [Makatarungang pagbabago.](#)
- [Mga karagdagang kagamitan at serbisyo.](#)
- [Pagsampa ng reklamo ukol sa karapatang sibil](#)


Para sa karagdagang impormasyon, maaari mong bisitahin ang:

<https://www.fema.gov/about/offices/civil-rights/external>

Para sa mga pangkalahatang katanungan tungkol sa tulong sa sakuna, mangyaring tumawag sa

**FEMA Helpline: 1-800-621-3362**

Pindutin ang 1 para sa Ingles, 2 para sa Espanyol, o 3 para sa iba pang mga wika.



# Ang Iyong Karapatang Sibil Bago, Habang, at Pagkatapos ng mga Sakuna

Disyembre 2024



**FEMA**

## Pagtiyak ng Pantay na Pag-access sa mga Programa at Serbisyo

Ang Panlabas na Dibisyon ng Karapatang Sibil, sa loob ng Tanggapan ng Karapatang Sibil ng FEMA, ang responsable sa pagtiyak na ang FEMA ay nakatuon sa pagsunod sa mga batas ukol sa karapatang sibil.

### Ang Tanggapan ng Karapatang Sibil ng FEMA ay nagsusumikap upang matiyak ang walang-diskriminasyong mga programa at serbisyo ng FEMA kaugnay ng:

- Mga impormasyon, programa, aktibidad, at serbisyo.
- Pisikal na pag-access sa mga pasilidad.
- Makatarungang pagbabago.
- Pag-access sa serbisyong pang-wika.
- Tulong sa sakuna, pagtugon, at mga pagsisikap sa pagbangon.



## Alamin mo ang Iyong Karapatan

Batay sa lahi, kulay, relihiyon, nasyonalidad, kasarian, edad, kapansanan, kasanayan sa Ingles o katayuan sa ekonomiya:

### Hindi maaaring gawin ng FEMA:

- Ipagkait ang pantay na pag-access sa mga programa, aktibidad, o serbisyo.
- Magbigay ng programa sa paraang hindi magkapantay, magkahiwalay, o magkaiba sa paraan ng pagbibigay ng programa sa iba.

### Ang FEMA ay magbibigay, kung kinakailangan ng:

- Impormasyon sa malaking printa, o mga elektronikong format na magagamit sa mga screen reader.
- Mga Tagasalin sa Sign Language
- Nakasulat na impormasyon na isinalin sa mga wika maliban sa Ingles.
- Mga Tagasalin ng Wika na Pasasalita.



## Pag-uulat ng Paglabag sa Karapatang Sibil

Kung naniniwala kang ikaw o ang iyong kilala ay nakaranas ng diskriminasyon, maaari kang maghain ng reklamo ukol sa karapatang sibil. Ang mga insidente ng diskriminasyon ay dapat iulat sa Tanggapan ng Karapatang Sibil ng FEMA sa loob ng 180 araw pagkatapos ng di-umano'y diskriminasyon na naganap.

### Paano Maghain ng Reklamo:

- Tumawag sa Tanggapan ng Karapatang Sibil ng FEMA sa 1-833-285-7448.
  - Pindutin ang 1 para sa Ingles
  - Pindutin ang 2 para sa Espanyol
- Email: [FEMA-OCR-ECRD@fema.dhs.gov](mailto:FEMA-OCR-ECRD@fema.dhs.gov)
- Mail: FEMA Office of Civil Rights  
500 C Street, SW  
4<sup>th</sup> Floor - 4SW-0915  
Washington, D.C.  
20472-3535

### Mga Sunod na Hakbang:

Kapag nakatanggap ang FEMA OCR ng isang di-pormal na reklamo mula sa isang nakaligtas sa sakuna o miyembro ng publiko, makikipagtulungan ang FEMA OCR sa opisina ng programa ng FEMA, direktorato, o tumanggap ng serbisyo upang maayos ang di-pormal na reklamo. Kung hindi makamtan ang resolusyon, ang nagreklamo ay bibigyan ng abiso ukol sa karapatan nitong maghain ng pormal na reklamo. Sa ibang pagkakataon, kapag natukoy na ang FEMA OCR ay may kapangyarihan sa inihaing pormal na reklamo, magsasagawa ng kabuuang imbestigasyon.